# Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

APRIL-JUNE, 2015 * 103 E. MENDOZA ST. BUTING, PASIG CITY * VOLUME 3, ISSUE 1





## PAMAMAALAM, PAGBATI

ni Rev. Fr. Michael Israel T. Ortega

Bago ako lumipat dito sa San Guillermo Parish noong Feb. 16, 2015, ako'y masayang naglilingkod bilang Parish Administrator ng St. Ignatius of Loyola Parish sa Ususan, Taguig City. Sa aking karanasan, naging mabunga ang aking pamamalagi roon. Marami akong naging kaibigan roon. May nagawa akong pagbubuti roon tulad ng pagpapabuti sa Media and Public Affairs Ministry roon. Higit sa lahat, napanatili ko ang integridad ng parokya sa tulong ng biyaya ng Diyos.

Noong "nagpalitan" kami ni Fr. Bebot ng parokya, may halong lungkot, saya, at pananabik ang naramdaman ko. Malungkot, dahil iniwan ko ang parokya na kinagisnan ko sa loob ng 7 buwan. Masaya, dahil nakaamoy ako ng panibagong simoy ng hangin ng bago kong aalagaan na parokya. Higit sa lahat, napag-alaman ko na mabubuti, masasayahin at may malasakit ang mga parokyano ng San Guillermo sa kanilang parokya lalo na sa kanilang kura paroko - at iyan ang nagpapataba sa puso ko! Nananabik o excited dahil ang pagkakataon na ito ay puno ng mga hamon na haharapin ko. Kaya noong itinalaga ako ni Bp. Mylo Hubert C. Vergara noong Peb. 28 bilang ika-9 na kura paroko, hindi ko lang tinanggap ang katungkulan ko, bagkus tinanggap ko rin ang mga magiging hamon ko sa hinaharap sa aking pamamastol dito sa parokya ni San Guillermo. Alam kong 'di-magiging madali para sa akin, pero ako'y naniniwala na lagi kong kasama si Bro sa aking paglilingkod rito sa parokyang ito.

Ang masasabi ko sa mga pangyayari na nagdaan sa buhay ko bilang kura paroko ay isang pamamaalam at pagbati. Siguro, ganyan ang buhay, may pamamaalam at pagbati. Pero anuman ang mangyari, siguradong hindi ako pababayaan ng ating Poong Maykapal.




# TALAMBUHAY NG SANTO: SAN JUAN APOSTOL

Si San Juan Apostol, na ang kapistahan ay sa Disyembre 27, ay pinararangalan bilang natatanging disipulo na nanatiling kasama ni Jesus sa buong pagpapakasakit Niya. Naroon siya sa Transpigurasyon at sa Paghihirap sa Hardin ng Gethsamane. Sa Huling Hapunan, siya ang humilig sa dibdib ni Jesus. Bilang natatanging apostol na tumayo sa paanan ng krus, sa kanya ibinilin ni Jesus ang pangangalaga ng Kanyang ina na si Maria. Malaking karangalan para kay San Juan Apostol ang protektahan ang ina ng Diyos.

Matatagpuan si San Juan Apostol sa Kasulatan bilang "ang minamahal na disipulo", ang pinakabata sa mga apostol. Siya ay tinaguriang Apostle of Charity. Siya ang patron ng mga nasunog ang balat at natatanging santo na kinikilala ng mga papa bilang kanilang Patron of Friendship. Pinapayuhan ang mga mananampalataya na dumalangin sa kanya na maging kanilang gabay kapag humaharap na sila sa matitinding pagsubok sa buhay.

Isang mangingisda mula Galilee, kapatid siya ni St. James the Greater. Tinawag silang dalawa ni Jesus sa unang taon ng Kanyang ministeryo. Gayong kapwa mabait at malumanay, sila ang tinutukoy ni Jesus bilang "mga anak ng kulog" dahil nagiging mabagsik sila kapag nagagalit. Ayon sa tradisyon, pagkatapos ng Pag-akyat ni Jesus sa Langit, nangaral si San Juan ng Ebanghelyo sa Jerusalem at Ephesus (ang Turkey ngayon), nagbinyag at nagmilagro sa pangalan ni Jesus. Nagtatag siya ng maraming simbahan sa Asia Minor. Naging obispo siya sa Ephesus at sumulat ng ikaapat na Ebanghelyo, tatlong Epistle, at ang Book of Revelations (Apocalypse) sa Bagong Tipan. Tinalakay niya sa kanyang Ebanghelyo ang teolohiya ng eternal na pagsilang ni Kristo at ang Salita ng Diyos Ama.

Inusig siya at dinala sa Rome sa taong 96, at sa utos ni Emperor Domitian, inihagis sa kumukulong langis ngunit hindi siya nasaktan. Itinapon siya sa Pathmos island sa loob ng isang taon. Sa mga huling taon ng kanyang buhay, nang hindi na niya kayang mangaral pa, dinadala siya ng kanyang mga disipulo sa madla. Ang simpleng mensahe niya: "Magmahalan kayo, aking mga anak."

Nalalabing buhay sa mga kapwa niya apostol, pumanaw siya sa Ephesus sa taong 100 sa edad na 95, at isang simbahan ang itinayo sa ibabaw ng kanyang libingan. Ang kanyang kapistahan ay gumugunita sa mga milagrong nagaganap taun-taon sa Ephesus, kung saan ang alikabok o pulbos, na tinatawag na manna, mula sa kanyang libingan ay pinaniniwalaang nakagagaling ng mga may sakit.

*http://www.balita.net.ph/2014/11/29/san-juan-apostol-ang-minamahal-na-disipulo/*

## DIKSYONARYO – IKALAWANG BAHAGI (LABINDALAWANG LIPI NG ISRAEL)

**Juda** – sa wikang Hebreo, ang salitang ito'y katunog ng "pupurihin". Tinirhan ng liping ito ang maburol na bahaging kanluran ng Dagat na Patay. Nang ang sampung lipi sa hilaga ay mag-aklas laban sa haring pumalit kay Solomon, tanging ang Benjamin ang natirang kasama nnito upang buuin ang Timog na Kaharian o Kaharian ng Juda.

**Levi** – sa wikang Hebreo, katunog nito ang salitang "mapapalapit". Ang liping ito ay may natatanging bahagi mula kay Yahweh; sila ang maglilingkod sa tabernakulo, kaya't sila'y hindi binigyan ng lupang kaparti. Sa halip, sila'y binigyan ng mga natatangin lugar na titirahan sa bawat lipi. Sila rin ang tumatanggap ng mga ikasampung bahaging inihahandog ng mga Israelita.

**Manases** – sa wikang Hebreo, ang salitang ito'y katunog ng "niloloob na malimot". Tinirhan nito ang dalawang bahagi: (1) ang Silangang Manases ay tumira sa silangan ng Ilog Jordan at Hilaga ng Ilog Jabboc sa mga lugar ng Bashan at Hilagang Gilead. (2) Ang Kanlurang Manases ay tumira naman sa kanluran ng Ilog Jordan hanggang sa Hilaga ng Efraim.

**Neftali** – sa wikang Hebreo, katunog nito ang salitang "labanan". Tumira ang liping ito sa mga bahaging hilaga at kanluran ng Lawa ng Galilea.

**Ruben** – sa wikang Hebreo, ang salitang ito'y katunog ng "narito ang isang anak na lalaki". Ang bahaging silangan ng Dagat na Patay, mula sa Ilog Arnon sa bandang timog hanggang hilagan dulo ng Dagat na Patay.

**Simeon** – sa wikang Hebreo, ito'y katunoh ng salitang "narinig". Tumira ang liping ito sa timog-kanluran ng Juda, subalit di nagtagal ay halos naging bahagi na rin ng Juda.

**Zebulun** – sa wikang Hebreo, katunog nito ang salitang "pahahalagahan". Ang hilaga ng Manases mula sa silangang dulo ng Bundok ng Carmel hanggang sa Bundok ng Tabor ang naging bahagi ng liping ito.

*- Junnie Gullle*

# LECTORS AND COMMENTATORS MINISTRY

Like Jesus, the lector is called to be a servant. The lector serves the needs of the Eucharistic assembly. The lector's ministry demands far more than the ability to read well in public. The lector proclaims the Word that strengthens the faith of God's people and invites them to celebrate Eucharist. The lector proclaims, not only the contents of the readings, but also the bigger reality that God speaks continually to His people that we are called to a dialogue with God and with one another. To proclaim their inspired content in the midst of the worshipping community is a ministry entrusted to a few. The manner of proclamation is important for the delivery of the message in order to enable the community to enter into the spirit of the Word. The magnificence of this ministry cries out for the excellence that the Word of the Lord deserves. As lectors at Mass, we transmit that Word to human hearts and minds. The reading remind the people of the Christian community – of the things that truly matter.



Officers:
Coordinator: Rowell-Anne "Anne" Santos
Vice Coordinator: Celita "Cecil" Cruz
Secretary: Ma. Lourdes "Lulu" Dela Cruz
Treasurer: Rowena "Wyn" Goloso
Auditor: Emiliana "Emy" Cortez

Committee Heads:
Worship: Irma Cuaresma
Spritual: Ma. Nenita "Janet" Escarilla
Communications: Aurora "Dada" Valguna
Discipline: Estrellita "Lita" Evangelista
Socials: Rona Blanca "Rona" Perfenia

As of April 2015, LCM has 49 adult members (Buting, Lexington, San Joaquin, UK). Regular monthly meetings are held every 2nd Sunday of the month at 10:00 am, at the 2nd floor of the SGP Formation Center. Children and teens ages 12-16 are encouraged to join the Young LCM in serving in the Children's Mass at 4:30 pm every Sunday.

*- Anne Santos (taken from Proclaiming the Word)*

# PAGKABUHAY SA BAGONG PANGAKO

Kasabay ng Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ng ating Panginoong Hesukristo, ika-5 ng Abril, taong kasalukuyan, nagkaroon ng pagpapanibago ng mga pangako ang mga miyembro ng Parish Pastoral Coucil (PPC). Sinariwa ng mga miyembro nito ang kanilang mga tungkulin at pangakong gagampanan bilang isang PPC member. Ang bawat parokya ng bawat diyosesis ay pinamumunuan ng isang kura paroko katulong ang Parish Pastoral Council o mas kilala bilang PPC. Ang PPC ay binubuo ng mga pinuno ng mga iba't ibang organizations, ministries at grupo sa simbahan at iba pang mga lingkod simbahan. Tunay ngang isang pagkabuhay sa Bagong Pangako ang naganap!

*- Renz Perfenia*





## KRISTO.NET

Kristo Dot Net, a program founded by Rev. Fr. Joselito Jopson, is intended as a formation tool for young people in their desire to journey with their fellow youth towards God. It started in 2009 at SGP with the pioneering batch named *"Seeders"*. From then on, succeeding batches sponsored and served to the next ones so as to continue the life-changing seminar and bring more youth closer to God.

Last December 6, 2014, another batch of young ones had their opportunity to experience the whole-day seminar of Kristo.net. It started with a solemn prayer and gospel sharing led by Ellicia del Mundo from the sixth batch *Pope Francis*.

Since much of the success of Kristo.net depends on the participation and involvement of the youth, the facilitators were very thankful because of what this batch has shown. They commended the participants of this batch for being active in the series of activities and for being very cooperative especially in such activities which required them to somehow let their guards down in opening up to their fellow participants, despite the fact that most of them had just met because of the said seminar and were merely acquaintances.

As part of the program, Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran, former parish priest of San Guillermo Parish, gave an informational and inspirational talk to his beloved youth. After which, Justine Hornachos, Vice Coordinator of the sponsoring batch (*Pope Francis*), led the final activity of the seminar. The whole Kristo.net Batch 7, together with the previous batches, attended the mass at 6 o'clock in the evening. Before the mass ended, they were presented as graduates of Kristo.net Batch 7 with the name *Immaculate Conception*.

According to the participants, the Kristo.net seminar was truly life-changing. It served as an eye-opening experience wherein the participants realize a lot about what it means to be a youth. It not only teaches the youth of its role in the Church, but also enhances and deepens the faith and relationship with God our father. Hopefully, more youth will be given the chance to experience this enlightening and inspiring seminar.

This May ___, 2015, Kristo.Net will be having its batch 8.

*- Jean Goloso*

# YOUTH CORNER



**SAN GUILLERMO: SA KANYANG KARUKHAAN, DIYOS ANG TANGI NIYANG YAMAN**

Ito ang tema ng kapistahan ng ating patrong si San Guillermo, na ipinagdiriwang tuwing ika – 10 ng Pebrero. Bago dumating ang kapistahan, nagkaroon ng iba't ibang programa at mga pakontest na binuo ng Fiesta Committee sa pangunguna nina Edgar at Precy Arellano at mga kasama upang maging masaya, nagkakaisa, buhay at matagumpay ang pagdiriwang.

Narito ang mga nanalo sa nasabing pakontest:

**IWASIWAS FESTIVAL**

- 1st Buting Elementary School
- 2nd CHIRO
- 3rd Four P's
- 4th UNO
- 5th SG

**ARKO MAKING CONTEST**

- 1st. Kawan ng St. Jude Thaddeus – sa may B.E.S.
- 2nd Kawan ng St. Peter – Bunyi St.
- 3rd Kawan ng Sta. Monica

**LAKAN at LAKAMBINI ni SAN GUILLERMO**

- 1st. Kawan ng St. Augustine
- 2nd Kawan ng St. Anne
- 3rd Kawan ng St. Peter

# PARISH EVENTS



**INSTALLATION OF USHERS MINISTRY (January, 2015)**

Sama-samang isinagawa ang installation ng usherettes ng parokya – mula Buting, San Joaquin, Ulilang Kawayan. Pinamunuan ni Fr. Bebot ang panunumpa ng mga halal na opisyales pagkatapos ng komunyon. Ang coordinator ay si Sis. Siony Yson. Nagkaroon ng konting salu-salo pagkatapos ng Misa.



**INSTALLATION - KNIGHTS OF THE ALTAR**


Isinagawa ang installation ng Knights of the Altar noong ika-14 ng Disyembre, 2014 na may 12 mula dito sa Buting at 9 nanggaling sa Lexington, San Joaquin. Sila ay mga batang may gulang na 12 pataas, nakapagkumpisal na, dumaan sa mga ilang pagsubok na kinakailangang makabuo ng 100 misa at interview kay Fr. Bebot Catuiran. Nagkaroon din ng salu-salo ang mga bata kasama ang mga magulang pagkatapos ng isinagawang Misa.



**SGP CHRISTMAS PARTY (December 27, 2015)**

Simple, ngunit napakasayang ipinagdiwang ang Christmas Party ng ating parokya. Sinimulan sa isang Misa (6PM), at tuloy-tuloy sa formation para sa party. Maraming nag-uwi ng regalo mula sa raffle, at si Fr.Bebot muli ay naging Santa Claus sa mga bata at sa young-at-heart.

# PERSONALITY IN FOCUS: BRO. JC VICTORINO




**TIWALA LANG**

*"Ang wika ni Yahweh: Ang aking isipa'y di ninyo isipan, at magkaiba ang ating daan"*
- Isaias 55:8

Maikling kataga ngunit malalim ang tama. Mga salitang nagsasabi na madalas mang hindi matupad ang mga plano natin para sa ating mga sarili, lahat ng pangyayari ay may rason at naaayon sa utos ng Panginoon.

Lumaki man sa di-pangkaraniwang sitwasyon ng pamilya, hindi siya tumigil upang gumawa ng mga bagay na makapagpapasaya sa kanya. Siya ay lumaki sa pangangalaga ng kanyang lola at tito na may payak na pamumuhay sa barangay ng Santolan. Simple ngunit masasabing masaya dahil tapat siyang naglilingkod sa Santo Tomas de Villanueva Parish, ang kanilang parokya bilang isang sakristan. Isa rin siya sa muling nagpanumbalik ng sigla sa Youth Ministry at kabilang din sya sa choir at Charismatic Community ng kanilang parokya. Ito ay nagsilbing daan upang makita ng kanilang kura paroko na likas na sa kanya ang paglilingkod, at hikayatin siyang pumasok sa seminaryo. Isa din sa bumuo ng kanyang kalooban ay ang kanyang pinakamatalik na kabigan, na buo ang suporta sa kanya. Kaya naman kahit sa umpisa pa lang ay kontra ang pamilya, hindi ito naging hadlang sa pagsulong niya sa bokasyong pagpapari.

Ngunit katulad ng karamihan, daan daang pagsubok ang kanyang kinaharap. May mga pagkakataong sinubukan niyang lumipat ng eskwelahan, ngunit tila parating may humahadlang. Sa panahong gustong-gusto na niyang sumuko, isang linya lang ang pumapasok sa kanyang isipan: "TINATAWAG KA NG DIYOS. TRY ONE MORE YEAR". Hindi niya din maintindihan ngunit parang tila ba hindi niya na namamalayan ang pamamalagi niya sa loob ng seminaryo.

May isang taong nagtanong sa kanya kung ano ang sikreto sa kanyang pananatili, at isa lang ang paulit ulit niyang sinasagot. Magdasal. Kahit na araw-araw nating kinakausap ang Panginoon, kailangan pa rin nating magkaroon ng oras hindi para humiling ng kahit ano, ngunit para makinig. Making sa mga plano ng Panginoon para sa atin. Sabi pa niya, para malaman natin kung para saan tayo nakalaan, kailangan tayong magkaroon ng malalim na relasyon sa ating Panginoon.

Kaya naman kahit na nakikita niya ang sarili nya noon na nagluluto o naghahanda ng pagkain sa mga kilala at mamahaling hotel at restaurant, patuloy na gumagawa ang Panginoon ng paraan upang siya ay mapunta sa nilaan ng Diyos para sa kanya. Kasalukuyan, siya ngayon ay nasa ikatlong taon na sa kursong AB Philosophy sa Immaculate Concepcion Major Seminary sa Tabe, Bulacan sa edad na 20 taong gulang. Juan Carlos Indradat Victorino ang kanyang pangalan ngunit mas kilala siya bilang "Kuya JC" ng karamihan. Sa kasalukuyan, maswerte ang ating parokya dahil buong pusong ibinahagi ni Kuya JC ang kanyang kaalaman sa Basic Photography and Videography noon lamang ika-16 ng Abril.

Minsan akala natin, si Satanas ay kumikilos upang tayo'y hadlangan, ngunit ang hindi natin alam ay pinoprotektahan lamang tayo ni Jesus sa mga bagay na sati'y 'di nakalaan. Ang tanging hinihingi ng ating Panginoon, ay TIWALA LANG.

*- Kyrie Lababo*





